COUNTY OF SAN DIEGO

# MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-15 ng Oktubre, 2020
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

## HINDI NINYO KAILANGAN MAGHINTAY PA HANGGANG SA ARAW NG ELEKSYON – BUMOTO NG MAAGA!

Pinapaalala sa inyo ng opisina ng Tagapagrehistro na pwede kayong gumawa ng mga desisyon sa pagboto at kumpletuhin ang inyong balotang pangkoreo ng ginhawa at ligtas sa inyong tahanan. Tandaan na pirmahan at petsahan ang inyong sobre, i-seal ang inyong nakumpletong balota sa loob at ibalik ito sa pinagkakatiwalaang source. Maaari ninyong ibalik ito sa pamamagitan ng koreo, hindi kakailanganin ng selyo, o sa isa sa 126 na mail ballot drop off locations sa buong county.

"Kung alam ninyo kung paano ninyo gustong bumoto, markahan ang inyong balota at ibalik ito sa pinagkakatiwalaang source ng agad agad," sabi ng Tagapagrehistro na si Michael Vu. "Kung matatanggap namin ng mas maaga pabalik ang inyong balota, mas maaga kaming makakapagsimulang iproseso ito. Maisasama ang inyong balota sa unang pagrelease ng mga resulta sa Gabi ng Eleksyon kung kayo ay kikilos ng maaga."

Samantala, kung kakailanganin ninyong bumoto ng personal ang opsiyon na iyon ay available din. Maaari na ninyong gawin ngayon:

- Sa opisina ng Tagapagrehistro, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes
- Sa inyong itinalagang lugar ng botohan o sa opisina ng Tagapagrehistro mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Sabado, Ika-31 ng Oktobre hanggang Lunes, Ika-2 ng Nobyembre.

Lahat ay muling magbubukas sa Araw ng Eleksyon, Ika-3 ng Nobyembre, kung saan magpapalit ng oras ang botohan mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Magkakaroon ng mas kakaunting mga lokasyon kaysa sa mga naunang eleksyon, kaya ang inyong lugar ng botohan ay maaaring nabago. Mas malalaking mga lugar ng botohan, tinatawag na "Super Polls", ay magkakaroon ng social distancing bilang nirerequire na guidelines ng COVID-19. Karagdagan dito, magbubukas ang Super Polls ng apat na araw kaysa sa isa.

# MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-15 ng Oktubre, 2020
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

Kung pinaplano ninyong bumoto ng personal, maging handa. Isuot ang inyong face mask, pumunta sa inyong itinalagang lugar ng botohan at siguraduhing may social distancing.

Hinihikayat ng opisina ng Tagapagrehistro ang mga nakatatanda at mga taong may medikal na kundisyon para maiwasan ang mga mahahabang linya at punong-punong mga lugar ng botohan sa pamamagitan ng pagboto ng maaga.

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa Bumoto ng Ligtas San Diego at botohan sa Ika-3 ng Nobyembre na eleksyon, bisitahin sdvote.com o tumawag sa (858) 565-5800.

###

COUNTYNEWSCENTER